


# SYSTEMS THINKING

sa Pilipinas

Gabay para sa mga Facilitator



# TABLE OF CONTENTS

Ang guide na ito ay binuo ng [Firetree Philanthropy](#), isang grupong sumusuporta sa systemic work na tumutugon sa mga isyung panlipunan na hinaharap ng mga komunidad sa South & Southeast Asia.

Graphic Design & Illustration:  
Cris Mora

Ang obrang ito ay lisensyado sa ilalim ng isang [Creative Commons Attribution-ShareAlike 4.0 International License](#).

Version No. 2021.05.31-V1a



|  |    |
|--|----|
| <b>Introduction</b>                                | 3  |
| <b>Para Kanino ang Guide na Ito?</b>               | 5  |
| <b>Ano Ba ang Ibig Sabihin ng System?</b>          | 6  |
| <b>Bakit Natin Kailangan ang Systems Thinking?</b> | 10 |
| <b>Ang Pag-iisip ng Isang Systems Thinker</b>      | 22 |
| <b>Mga Tools ng Isang Systems Thinker</b>          | 29 |
| <b>Intindihin ang System</b>                       | 31 |
| <b>Makipag-Collaborate</b>                         | 35 |
| <b>Matuto at Mag-Adapt</b>                         | 39 |
| <b>What's Next?</b>                                | 43 |
| <b>Conclusion</b>                                  | 45 |

# ANG LAHAT NG BAGAY AY MAGKAUGNAY



## Introduction

Gaano man kalawak ng mundo natin, konektado ang lahat ng bahagi nito sa isa't isa. Nararanasan nating lahat ang koneksyong ito kahit hindi natin napapansin, dahil tayo mismo ay bahagi ng mga system na nagkokonekta sa atin. Halimbawa, apektado ng bawat kilos mo ang buhay ng ibang tao sa komunidad.

**Makikita natin ang mga system na ito sa ating sarili** – tingnan mo na lang ang ugnayan ng katawan at ng isip. Bakit apektado ng mental health natin ang kalusugan ng ating katawan? Paano nangyayaring ang minsan mong paggawa ng kabutihan - halimbawa sa pagpopondo ng isang scholarship – ay nagkakaroon ng patuloy na positibong epekto sa buhay ng isang estudyante at ng buong pamilya niya?

**May mga system din sa kalikasan.** Itinuturo sa atin ng kagubatan na ang bawat isang halaman at hayop doon, malaki man o maliit, ay may mahalagang papel sa ecosystem ng gubat. Tanggalin mo ang isa at masisira ang balanse ng ecosystem at malalagay sa panganib ang lahat.

**Makikita rin natin ito sa mga araw-araw nating karanasan.** Halimbawa, kapag nagkaroon ng matinding tag-tuyot sa isang malayong lugar, apektado ang presyo ng gulay sa suki mong palengke.

Iyan ang resulta ng pagiging bahagi ng mga system na nakabalot sa ating lahat - mga bagay, tao, at komunidad na sa sobrang pagkakaugnay sa paniniwala at pagkilos, ang paggalaw ng isa ay nararamdaman ng lahat.

**May problema ba sa komunidad mo na hindi mawala-wala?**

**May problema bang kinalakihan mo na at nasabihan kang “wala ka nang magagawa” tungkol dito?**

Nakatira tayo sa isang mundo ng mga system, kaya makakatulong ang systems thinking na mas maintindihan natin ang mundong ito. Higit pa ryan, makakatulong din ang systems thinking kung gusto nating ayusin ang ilang system at lutasin ang iba't-ibang mga problema.

Naniniwala kaming ang systems thinking ay isang paraan para makita natin ang iba pang mga bagay na nakapalibot sa problemang gusto nating harapin. Sa ganitong paraan natin makikita ang mga pwersang nakatago, na siyang dahilan kung bakit may mga problemang hindi nawawala.

**Kung sanayin natin ang sarili nating mag-isip bilang systems thinker, unti-unti, makikita natin ang mga lumang problema sa panibagong paraan,** at puwedeng makahanap tayo ng mga bagong solusyon na pwede nating subukan. Hangarin ng systems thinking na magkaroon tayo ng pagbabagong pangmatagalan, dahil imbes na mga sintomas lang ng problema ang bibigyang pansin, pinagtutulungan na nating harapin ang mas malalalim na dahilan sa likod ng mga problemang ito.

Magagamit natin ang systems thinking sa mga problema sa komunidad, pero pwede rin nating gamitin ito kung may mga pagsubok sa mga grupong kinabibilangan natin – kahit sa mismo nating pamilya.

Kailangan ng pasensiya, mahabang panahon, at pagtutulungan para makalutas ng isang malaking problema. Malaking hamon ang paghahanap ng mga bagong solusyon sa mga lumang problema, sa komunidad man natin o sa sarili nating tahanan. Kung handa kang sumubok, alang-alang sa pagbabagong tunay na magtatagal, narito ang guide na tutulong sa iyong magsimula.

**MALIGAYANG  
PAGDATING SA  
KOMUNIDAD NG  
MGA SYSTEMS  
THINKER.**

# PARA KANINO ANG GUIDE NA ITO?

**B**inuo namin ang guide na ito para sa mga komunidad, network, at organisasyong gustong ipakilala ang systems thinking sa mga kasamahan nila sa unang pagkakataon.

**Hinanap at kinalap namin ang mga impormasyong sa tingin namin ay makakatulong sa mga batang leader na nagsisimula pa lang sa kanilang mga changemaker journey, at sa mga lokal na grupong nagpapatakbo na ng mga programa.**

Dinisenyo namin ito bilang **facilitator's guide** dahil gusto namin kayong bigyan ng “big picture” ng malawak na usaping ito, at bigyan kayo ng pagkakataong mamili kung alin sa mga impormasyong ito ang tunay na makakatulong sa inyo. **Gusto naming makipag-collaborate sa inyo - i-hulma niyo ang mga ideya dito ayon sa pangangailangan ninyo at ng inyong komunidad, dahil kayo ang nakakaalam kung alin dito ang swak sa inyong konteksto.** Bumuo tayo ng komunidad na susuporta sa isa't-isa, dahil mahirap na trabaho ang magbago ng isang sistema at hindi natin kayang gawin ito nang mag-isa.

## Bago Tayo Magsimula:

**P**aano namin binuo ang guide: Pinag-aralan namin ang mga materyal na nailabas na tungkol sa systems thinking. Nakipagtulungan din kami sa ibang mga lokal na systemic leader sa Pilipinas.

May limitasyon ang guide na ito: Hindi ito academic research. **Hindi kami academic o systems expert, kundi mga community-builder na nakita na ang kagandahan ng systems thinking.** Nakita naming wala masyadong lokal na materyal na pang systems thinking, kaya sana sa pamamagitan ng guide na ito, dumami pa ang gumawa ng mga ganitong klaseng resource na madaling intindihin at base sa karanasan ng mga komunidad sa Pilipinas.

Layunin ng guide na ito na maging **basic introduction** para sa mga susubok ng systems thinking sa unang pagkakataon at gustong gamitin ang mga technique nito sa paglutas ng mga problemang panlipunan. Ang systems thinking ay parte lang ng mas malawak na tema ng Systems Change (nasa [What's Next](#) section ng guide na ito), pero **dahil ito ay guide para sa beginners, hindi natin matatalakay ang buong konsepto ng systems thinking. Sa dulo, magbibigay kami ng mga resource links para sa mga gusto pang dagdagan ang pag-unawa nila - hinihikayat namin kayong bisitahin ang mga resource na ito.**

**Mag-collaborate tayo!** Mag-collab tayo para patuloy na lumalim at yumaman ang guide na ito. Pagkatapos niyo itong basahin at gamitin, gusto naming marinig ang mga feedback at suhestiyon niyo kung paano pa ito mapapaganda. Kung may makita rin kayong ibang mga resource na sa tingin niyo magandang isama rito, ikwento niyo sa amin sa [tjm@firetree.org](mailto:tjm@firetree.org).


# ANO BA ANG ISANG SYSTEM?

A system is “an interconnected set of elements that is coherently organized in a way that achieves something. ...a system must consist of three kinds of things: elements, interconnections and a function or purpose.”

(Thinking in Systems, Donella Meadows)

Sa unti-unti nating pagkilala kung ano ang systems thinking, magandang magsimula tayo sa kung ano ba ang ibig sabihin ng salitang “system.”

- > Ang isang system ay mayroong iba't-ibang bahagi (na minsang tinatawag na **elements**)
- > May interaction ang mga elementong ito sa isa't-isa (**relationship**) at may sinusundang mga patakaran (**rules**)
- > Nagkakaroon ng **resulta** ang mga interaction na ito



# ANO BA ANG ISANG SYSTEM?

Kung ginagamit sa konteksto ng social change, madalas iniisip sa Pilipinas na ang tinutukoy na “system” ay ang pamahalaan, pulitika, o kaya ay sistemang socio-economic. Oo, mga halimbawa ng system ang mga ito, pero may iba pang mga system sa paligid – malaki at maliit – at puwedeng gamitin ang systems thinking sa lahat ng ito.


Halimbawa, pwede nating ituring **ang inyong pamilya bilang isang system:**

- > Sino ang mga miyembro ng inyong pamilya? **(elements)**
- > Anong papel ang ginagampanan ng bawat miyembro, at kamusta ang relasyon ng mga miyembro sa isa't-isa? **(relationships)**
- > Ano ang mga patakaran sa inyong pamilya? **(rules)**
- > Anong mga kaugalian ang lumalabas bilang resulta ng lahat mga relationship at rules na ito? **(results)**

Pwede mo ring isipin ito sa konteksto ng sarili niyong **grupo o kumpanya**. Anu-ano ang mga department at team sa loob? Paano nag-i-interact ang mga ito sa isa't-isa, at ano ang epekto ng isang departament sa kabila? Ano ang mga patakaran at kultura sa loob ng organisasyon niyo? Ano ang mga trend at pattern na lumalabas sa trabaho niyo bilang organisasyon?

Pwede mo ring hanapin ang system sa **mga adbokasiyang tinututukan mo**. Halimbawa, kung may pinapatakbo kang youth empowerment program, isipin mo kung sinu-sino ang mga grupo, organisasyon, at ahensya ng gobyernong nakaka-apekto sa buhay ng mga kabataan. Paano nakikitungo ang mga kabataan sa mga grupong ito at anong mga pag-uugali ang nakikita mo? Anong resources ang matatagpuan sa loob ng sistema na ito?

## Halimbawa ng Pamilya Bilang Isang Sistema



### Rules

- Laging pairalin ang pagmamahal at respeto
- Dapat magtulungan ang lahat sa mga gawaing bahay.

### Results

- Madalas ay busy sa trabaho ang mga magulang
- Mahilig magsama-sama ang pamilya sa bahay.

# Ilang bagay na dapat tandaan tungkol sa mga system:



Ang system ay pwedeng malaki (pambansa) o maliit (gaya ng pamilya), depende sa iyong pagtingin at pagsusuri.



Ang mga system ay laging nagbabago. Kapag nag-mapa ka ng isang system, ang makikita mo lang ay larawan ng sistemang ito sa loob ng isang partikular na araw o panahon.



Madalas complex ang isang system dahil hindi natin kayang hulaan lagi kung paano maaapektuhan ng kilos mo ang iba pang bahagi. Ang tawag dito ay “**unintended consequences**” o epektong ‘di inaasahan.



Maraming layer sa isang system, at mayroon ding mas maliliit na system sa loob. Halimbawa, ang katawan ng isang tao ay isang buong system, pero binubuo ito ng iba’t-iba pang system sa loob gaya ng cardiovascular system, respiratory, atbp.



Huwag kalimutan: **IKAW ay bahagi rin ng mga system na ito.** Anong (mga) papel mo rito, at anong mga pananaw at paniniwala ang dala-dala mo lagi?



Kadalasan, **mahirap baguhin ang isang system.** Maraming oras ang kailangang gugulin dito, at hindi mo ito kayang gawin mag-isa.

## \* FACILITATOR'S TIP!

May mga laro at activities na pwede niyong ituro sa mga teammate niyo para mas maunawaan ninyo kung ano ang isang system. Subukan niyo ito:

- [The Triangle Game](#)
- Gamitin ang katawan ng tao bilang isang halimbawa ng system na binubuo ng iba’t-iba pang mga system tulad ng respiratory system, cardiovascular system, atbp.

Pagkatapos, hikayatin ang mga teammate na magbigay ng halimbawa ng iba’t-ibang klase ng mga system na kinabibilangan nila, na sa tingin nila ay kailangan baguhin. **Hamunin niyo silang mag-isip ng mga system na malaki, maliit, at galing sa iba’t-ibang konteksto. Sa huli, isipin din nila ang mga system na may personal na epekto sa kanila.**



# SYSTEMS THINKER'S SPOTLIGHT

## Jo Anne V. Coruña

### Founder, Ecology of Changemaking

Visual artist, manunulat, at permaculture practitioner si Jo Anne sa Bacolod. Ang permaculture ay isang pilosopiya at framework na maaaring gumabay sa atin kung paano mamuhay nang mabuti na kasangga ang kalikasan. Ito ay madalas na ginagamit sa pagtanim at pagpapalago ng mga halamang ating kakainin, ngunit magagamit din ang mga prinsipyo nito sa iba't ibang aspeto ng ating buhay.

Sa pagpapatupad ng permaculture at pagpapalago ng forest garden para sa pamilya niya, isinasabuhay ni Jo Anne ang systems thinking. Ito ang nagtulak sa kanyang buuin ang [Ecology of Changemaking](#), isang programang isinasama ang kalikasan sa disenyo ng mga proyektong pang-komunidad (social initiatives).

\*\* Ang panayam na ito ay isinalin sa wikang Filipino.



### Bakit sa tingin mo makakatulong ang systems thinking sa atin at sa ating komunidad?

*Jo Anne:* Bata pa lang tayo tinuturuan na tayong magbasa at magsulat. Maganda ito, pero kung pag-iisipan natin, **paano kung kaya lang natin basahin ang mga salita sa loob ng isang nobela, pero hindi natin alam kung ano ang relasyon ng mga salitang iyon sa isa't-isa?** Walang saysay ang pagbabasa kung ganon, 'diba?

Nakikita ko ang Systems Thinking bilang kakayahan nating maintindihan kung paano nagkakaugnay ang lahat ng tao at bagay sa isang kwento – o system – na kinabibilangan natin. Gamit ang systems thinking, **nakikita natin ang mga koneksyon at ugnayan nating lahat** – kung paano naapektuhan ng kilos natin ang iba, at kung paano tayo naapektuhan ng mga kilos ng iba.

Hindi lang tao ang tinitingnan sa systems thinking – binubuksan din nito ang mata natin sa paligid, sa mga nakikita at 'di nakikitang istrukturang itinayo natin, ang iba pang buhay - na hindi tao pero kasama nating namumuhay sa mundo. Ano ang epekto natin sa buhay nila, at gaano kahalaga ang buhay nila sa atin?

### Ano pa ang mga naiisip mo tungkol sa systems thinking sa paggawa mo ng permaculture?

*Jo Anne:* Ang pagiging mahinahon at pagpipigil (self-regulation) ay kasing-halaga ng pagkilos. Sa tingin ko, sinanay tayo na lagi dapat may gagawin- “just do it.” Pero **maganda ring tandaan na hindi lang tayo ang manlalaro sa larong ito.** Hindi tayo ang may pinakamalaking papel sa system na ito. **Nabubuhay lang tayo kasabay at kasama ng iba, at minsan ang paghinto, pag-atras, at ang pag-obserba muna bago tayo kumilos ay para sa ikabubuti ng lahat.** Dahil sa self-regulation, nagkakaroon ng espasyo para sa mas makabuluhan at mas malalim na interaction, at iba pang positibong pangyayari na maaaring hindi nangyari kung ginawa na lang nating basta-basta ang gusto natin.

# BAKIT NATIN KAILANGAN ANG SYSTEMS THINKING?

## Mga Klase ng Problemanag Kinakaharap Natin:

- > **Simple**  
Pwedeng gamitan ng mga kilala nang solusyon na maddaling gawin
- > **Complicated**  
Kadalasan kailangan ng eksperto para hanapin ang solusyon
- > **Complex**  
Pabago-bago ang konteksto ng problema. Ang mga dating paraan ay maaaring hindi na gumana ngayon.

Ngayon, alam na nating nakatira tayo sa isang mundong puno ng mga system – sa paligid at pati sa loob natin. Ang mga system na ito ang nag-uugnay sa ating lahat. **May mga system na nagpapaganda ng buhay, at may mga system na nagdadala ng problema at ‘di pagkakapantay-pantay.** Paano tayo mabubuhay sa ganitong klaseng mundo? Binibigyan tayo ng systems thinking ng paraan para basahin at intindihin ang mundo natin, lalo na kung hangarin mong pagandahin at ayusin ang ilan sa mga system sa paligid mo.

## Nakakatulong ang systems thinking sa paglutas ng mga complex na problema.










Araw-araw, habang patuloy tayong nabubuhay at kumikilos sa loob ng mga system gaya ng organisasyon natin, pamilya, at komunidad, marami tayong makaka-engkwentrang problemang kailangang lutasin. Simple lang ang ibang problema, pero may ibang mas komplikado. Ang table sa ibaba ay magandang paraan para himayin ang isang problema at makita kung anong klaseng approach ang kailangan nating gawin para malutas ito.\*

*Ang mga ideya sa table na ito ay base sa framework ni Brenda Zimmerman. Panoorin ang [video](#) na ito para sa mas malalim na pagtalakay ng kanyang framework.*

## KLASE NG PROBLEMA

## MGA KATANGIAN

## MGA HALIMBAWA

|                           |   |  |
|---------------------------|---|--|
| <b>Simple</b>             | <p>Ang simple problem ay madaling maintindihan at kaunti lang ang mga parte – karamihan pa rito ay nasa iyong kamay.</p> <p>Ang paglutas sa isang simple problem ay para lang pagsunod sa isang recipe – sundin lang natin ang ilang hakbang, at mawawala na ang problema.</p>  | <ul style="list-style-type: none"><li>• Pwedeng gamitan ng mga kilala nang solusyon na madaling gawin</li></ul>  <p>Paano bawasan ang paggamit ng plastic sa bahay</p>  <p>Pagkolekta ng mga lumang libro para i-donate sa isang reading program</p>  <p>Pagdilig sa mga halaman</p>  |
| <b>Complicated</b>        | <p>Mas mahirap lutasin ang mga complicated problem dahil mas maraming isyu na kailangang isipin, at kailangan mo ng mga “expert,” o mga tao sa komunidad na may partikular na skillset para mahanap ang solusyon.</p>   | <ul style="list-style-type: none"><li>• Kadalasan kailangan ng eksperto para hanapin ang solusyon</li><li>• Madaling makita kung ano ang problema, at ano ang mga bahagi ng problema</li><li>• Pwede mong gamitan ng “best practices” na dati nang nagawa at naging epektibo.</li></ul>  <p>Pagpapatupad ng recycling system sa syudad mo</p>  <p>Pagturo sa bata kung paano magbasa at magsulat</p>  <p>Pagtanim ng isang magsasaka para sa matagumpay na ani</p>  |
| <b>Complex / Systemic</b> | <p>Higit na mas mahirap lutasin ang isang complex problem dahil pabago-bago ang kilos nito, at nakabuhol sa iba pang problema sa paligid. Mas mahirap itong pangalanan, at minsan ni hindi na makita kung saan nagtatapos ang isang problema at nagsisimula ang iba.</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Maraming elemento na laging naghahatakan at nagbabanggaan; hindi mo sila pwedeng hiwa-hiwalay na lutasin</li></ul> | <ul style="list-style-type: none"><li>• Pati ang konteksto nito ay laging nagbabago</li><li>• Hindi malinaw ang relasyon ng “cause-and-effect” kaya mahirap hulaan ang resulta ng pagkilos mo. Ang paglutas kasi sa isang bahagi ng problema ay maaaring magkaroon ng di-sinasadyang epekto sa iba.</li><li>• Ang mga dating paraan ay maaaring hindi na gumana ngayon</li><li>• Malaking tulong ang mga eksperto, pero wala katiyakan kung magtatagumpay din sila</li></ul>  <p>Pagharap sa mga isyu ng climate change sa komunidad</p>  <p>Pagpapataas ng kalidad ng edukasyon para sa mga estudyante ng public school</p>  <p>Pagpapatibay sa nutrisyon at food security sa inyong bayan</p> |

# ANO ANG NAKATAGO SA ILALIM?

Naniniwala kaming ang systems thinking ang pinaka-epektibo sa pagharap sa mga complex problem. Karamihan sa mga problema sa lipunan natin ngayon ay complex o mga systemic problem dahil may kinalaman na sa problema ang ugali ng tao at mga paniniwalang laging nagbabago. Marami rin itong aspetong nakatago sa ilalim at mahirap makita. Sa ganitong problema, kailangan nating lawakan ang ating pagtingin higit sa mga pangyayaring nakikita mo lang. Tuklasin natin ang mas malalalim na dahilan kung *bakit* nangyayari ang mga ito.

Sa halip na tutukan lang ang sitwasyon sa ating harapan, hinihikayat tayo ng systems thinking na tumingin sa mas malalim. Tingnan ang modelo sa ibaba para maintindihan kung bakit at paano ito kailangang gawin – simple lang, isipin ang Taal Volcano.

**Lumaki ang maraming Pilipino sa paniniwalang ang Taal Volcano sa Batangas ay ang pinakamaliit na bulkan sa buong mundo. Akala ng tao iyong maliit at sikat na crater sa gitna ng lawa na ang buong bulkan, at pati ang mga souvenir postcard ito ang laman. Hindi alam ng marami na sa totoo, ang Taal ay isang malaki at complex na volcano system, maraming vent at crater na magkakaugnay sa ilalim ng lupa at tubig. Ipinakita ng pagputok ng Taal noong 2020 kung gaano kalaki at kung gaano kalakas ang kapangyarihan ng volcano system na ito.**

Pinapakita ng Taal model (isang lokal na version ng Iceberg Model) ang iba't-ibang lebel ng pag-iisip na kailangan nating pag-aralan kapag systemic problem ang kaharap natin. Mas malaki ang impact kung tututukan natin ang mas malalalim na layer ng problema.

## 1 Events

Kadalasan, may isang pangyayari o pagkilos na madali nating nakikita, at tila madaling solusyunan.

## 2 Patterns

Kung lawakan pa natin ang pagtingin, may makikita na tayong mga pattern sa pag-uugali, o kaya pag-uulit ng mga insidenteng nangyari na noon.

## 3 Structures

Kapag nakita na natin ang mga pattern, puwede na nating isipin ang mga “systemic structures” (gaya ng mga patakaran, ritwal, pisikal na istruktura o organisasyon) na gumagawa ng mga pattern na ito.


## 4 Mental Models

Sa huli, kailangan nating unawain kung ano ba ang mga paniniwala ng mga tao sa paligid, na nagiging dahilan kung bakit hindi mabuwag ang mga systemic structures na ito. Bakit din nabubuo ang ganitong mga klaseng istruktura?

# ANG TAAL MODEL

Ang Taal Model ay base sa lokal na pag-aangkop ng Activating Rural Changemakers (ARC) group ng kilalang Iceberg Model.

AYON SA MODELONG ITO, MAS MALAKI ANG MAGIGING IMPACT NATIN KUNG MABABAGO NATIN ANG MAS MALALALIM NA LABEL NG PROBLEMA.



# SYSTEMS THINKER'S SPOTLIGHT

## iVolunteer

Binuo ng isang grupo ng magkakaibigan ang iVolunteer noong 2009. Pangarap nilang i-promote ang volunteerism sa Pilipinas, kaya gumawa sila ng volunteer-matching website para mas madaling magtagpo ang mga volunteer at ang mga grupong nangangailangan sa kanila. Ngayon, isang malawak na komunidad na ang iVolunteer at marami nang programang nagsusulong ng volunteerism at leadership bilang ambag ng mga mamamayan sa pagpapatatag ng bansa.



|  |  |  |
|--|--|--|
| <p><b>Events</b><br/><i>Ano'ng nangyari?</i></p>   | <p>Pagdating ng isang malaking kalamidad (Typhoon Ondoy), dumami ang mga Pinoy na gustong mag-volunteer ng tulong pero hindi na sila kayang i-accommodate ng mga kilalang NGO. Samantala, hirap namang maghanap ng volunteer ang mga NGO na 'di masyadong kilala.</p>  | <p>Sa unang tingin, mukhang simpleng problema lang ito: kailangan lang nilang i-match ang mga interesadong volunteer sa mga NGO na kailangan ng tulong. Gumawa sila ng listahan ng mga NGO, at gumawa ng online platform para doon magtagpo ang magkabilang panig.</p>   |
| <p><b>Patterns</b><br/><i>Ano'ng patuloy na nangyayari?</i></p>  | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Hindi nagtatagal ang mga volunteer sa mga NGO at maliit lang ang nagiging ambag ng mga volunteer.</li> <li>• May mga volunteer na hindi sumisipot sa mga proyekto.</li> </ul>   | <p>Ngunit habang tumatagal, may napansin silang mga hindi nakakatulong na mga aksyon at pag-uugali sa panig ng mga volunteers at NGO.</p> <p>Doon nila nakita na hindi sapat na mag-isang solusyon ang volunteer-matching website.</p>   |
| <p><b>Structures</b><br/><i>Alin ang mga istruktura, patakaran, o kagawian na nagiging dahilan ng pag-uulit ng mga pangyayaring ito?</i></p> | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Walang maayos na volunteer orientation at management system ang ilang NGO</li> <li>• Walang aktibong sistema ang mga NGO na magpapaalala sa mga volunteer kung ano ang kailangan nilang gawin</li> <li>• Walang feedback mechanism para makapag-komento ang mga volunteer at NGO sa karanasan nila</li> </ul>   | <p>Pinag-aralan nila nang mas maigi ang mga nakagawiang kilos ng mga NGO at volunteer, para makita ang mga istrukturang nagpapatibay ng ganitong klaseng ugali.</p> <p>Bumuo sila ng mas matibay na feedback mechanism, hindi lang para sa mga volunteer kundi para sa mga NGO rin. Ang resulta, nagkaroon ng pagkakataon ang magkabilang panig na mag-suggest kung paano aayusin ang kanilang sistema at karanasan.</p>   |
| <p><b>Mental Models</b><br/><i>Ano ang mga paniniwala at ugali ng mga taong kasangkot na nagiging ugat ng problema?</i></p>                  | <p>Kawalan ng tiwala sa pagitan ng NGO at mga volunteer</p> <p>NGO: "Hindi maaasahan ang mga volunteer, hindi namin pwedeng bigyan ng malalaking responsibilidad."</p> <p>"Sandali lang sila sa amin kaya hindi na dapat kami mag-aksaya ng panahon para i-training pa sila."</p> <p>Volunteer: "Mga maliliit na trabaho lang naman ang binibigay sa akin eh. Wala akong halaga sa grupo."</p> <p>"Inaaral ko pa lang kung ano ba talaga ang kahulugan ng pagiging isang volunteer."</p> | <p>Sa pagdiskubre na may mga negatibong ugali at paniniwala pala ang mga NGO at mga volunteer tungkol sa isa't-isa, gumawa ang iVolunteer ng mga programang pambuo ng tiwala sa pagitan ng dalawang grupo. Isinusulong nila ito para baguhin ang pananaw ng mga NGO at mga volunteer sa isa't-isa.</p> <p>Tinuruan nila ang mga NGO na ang pagiging volunteer ay pagiging advocate at ambassador, hindi utusan lang.</p> <p>Dahil dito, binago rin ng mga NGO ang mga ibinibigay nilang tungkulin sa mga volunteer base sa lebel ng commitment nila at kaalaman tungkol sa volunteering.</p> |


# \* FACILITATORS TIPS!

➤ **Mag-ingat sa ‘unintended consequences’.**  
Wala namang magic formula na magwawakas sa mga problema. Gayunpaman, naniniwala kaming epektibo ang systems thinking sa pagharap sa mga complex problem dahil tinutulungan tayo nitong maintindihan at i-proseso ang complexity, o ang pagiging labis na komplikado ng isang sitwasyon.

Kapag ginamitan mo ng ‘simple’ o ‘complicated’ na solusyon (na inilarawan namin sa nakaraang table) ang isang complex o systemic na problema, posibleng magkaroon pa ng ‘unintended consequence,’ o resultang ‘di mo ginusto at maaaring makasama pa sa sitwasyon. Panoorin niyo ang maikling [video](#) na ito para makakita ng isang halimbawa.

➤ Kapag pinag-uusapan ang mga complex o systemic na problema, **magandang ipakita na ang isang problema ay konektado sa iba pang problema.** Sa ganitong paraan mas maiintindihan kung bakit pagdating sa mga systemic na problema, kailangan mo talagang tumingin mula sa iba’t-ibang perspektibo.

Sa susunod na pahina, may dalawang halimbawa na maaaring pag-usapan at pag-isipan ng inyong grupo upang lalong makita kung paano ka konektado ang mga isyu ng systemic na problema.




## SYSTEMS THINKING IN PRACTICE:

### Trapik




Sa mga malalaking siyudad gaya ng Manila o Cebu, apektado ng problema ng trapik hindi lang ang transportasyon at mobility, kundi pati kalusugan (commuter safety, kalidad ng buhay ng mga pamilya), kabuhayan (epekto ng trapik sa mga empleyado at negosyo), at ang kalikasan (polusyon).

Kailangan talaga ng holistic approach para malutas ang problemang ito at tingnan mula sa iba't ibang lente. Sa kasong ito, aling mga grupo at eksperto pa ang pwedeng imbitahang maging bahagi ng solusyon?





# SYSTEMS THINKING IN PRACTICE: Pandemyang COVID-19



Ang COVID ba ay isang isyung pangkalusugan lamang?

Makikita sa ibaba ang ilan lamang sa mga aspeto ng buhay ng komunidad na naapektuhan ng pandemyang COVID-19.

## Kalusugan

Mga taong nagkakasakit at namamatay dahil sa COVID

Labis na nahhirapan mag-operate ang mga ospital at health centers

Isyu ng mental health

## Food Security

Hindi makapag benta ang mga magsasaka at vendors

Hindi makabili ng pagkain ang mga pamilya

## Edukasyon

Pagsara ng mga paaralan

Mga guro at estudyanteng kailangang mag-adjust sa at-home at online learning

## Ekonomiya & Kabuhayan


Pagsara ng mga negosyo dahil sa lockdown

Kawalan ng trabaho

Nagkakasakit ang mga empleyado

Dagdag na gastos ng negosyo dahil sa safety requirements (testing, PPE, atbp)

Mga empleyadong nahhirapan sa work-from-home



Bumalik sa Contents >>

# MAS PANGMATAGALAN ANG PAGBABAGONG BUNGA NG SYSTEMS THINKING

Ang **A**no'ng mangyayari kung gumawa ka ng solusyon nang hindi muna pinag-aaralan ang sistemang kinabibilangan mo? Baka gumawa ka lang ng **“band-aid solution”** na ang epekto ay mababaw at ‘di magtatagal. Masasayang mo rin ang oportunidad na makipag-collaborate sa iba, at makahanap ng paraan upang pag-ugnayin ang iba’t-ibang solusyon natin.

Maraming mga halimbawa ng oportunidad na ipag-ugnay ang mga solusyon:

- > *Mga minsanang donation drive na nais matugunan ang agarang pangangailangan ng komunidad. Maaaring mawala ang epekto nito oras na umalis na sa komunidad ang mga grupong tumutulong, o kaya pag naubos na ang pondo.*
- > *Mga matagumpay na awareness campaign na maaaring makapagbago sa pananaw ng publiko tungkol sa isang isyu. Ngunit kailangan pa rin ng ibang istruktura o programa upang maaksyunan ng publiko ang kanilang panibagong pananaw.*
- > *Mga advocacy campaign na nagbubunga ng pagbabago sa batas, ngunit may kakulangan sa pagpapatupad ng mga batas na ito sa komunidad.*

Napakahalaga ng lahat ng kampanyang ito - malaki ang papel ng mga ito sa sistema at sa mga taong nangangailangan. Pero saan sila nagkulang? Paano natin pagdudugtungin ang mga positibo nilang epekto para patibayin nila ang isa't-isa?

**Kapag sinusubukan mong baguhin ang isang sistema, sinisiguro mo na ang pagbabagong ito ay magtatagal, suportado at protektado ng maraming stakeholder, at tunay na binabago kung paano mag-isip at kumilos ang mga tao.**

# ANONG KLASENG IMPACT ANG HINAHANAP NG ISANG SYSTEMS THINKER?

## Long-term Positive Change

Pangmatagalang pagbabago na magpapatuloy kahit wala ka na at ang iyong organisasyon, at talagang babaguhin pati ang istruktura ng kasalukuyang sistema

## Reinforcement

Positibong epekto sa komunidad na suportado at pinatitibay ng mga istruktura sa sistema (gaya ng mga institusyon, batas, at mga customs o kinagawian ng tao)

## Inner Transformation

positibong pagbabago sa lipunan na umuugat nang malalim, isinasabuhay ng mga tao at komunidad na saklaw nito

## Inclusion

Positibong pagbabago na pinakikinabangan ng lahat at hindi lang ng iilan

Alam nating idealistic ang mga sitwasyong binanggit natin. **Laging nagbabago ang mga system, pati ang mga complex na problema, kaya patuloy ang trabaho ng isang systems thinker.** Gayunpaman, mahalaga pa rin na mayroon kang “guiding star” sa paglalakbay mo bilang gabay sa mga desisyon kung paano ka kikilos at kung kanino ka makikipag-partner sa misyong ito.

## \* FACILITATOR'S TIP!

Habang pinag-iisipan natin ang pangarap ng systems-thinking, parang masyadong matayog ang mga nagiging hangarin natin at tila imposibleng makamit. Dahil diyan, mahalagang isipin natin na ito ay isang patuloy na paglalakbay na kaya – at dapat – lakbayin kasama ng iba.

## \* USEFUL TOOL!

Ang 4 Levels of Impact ng Ashoka ay isang framework na maaaring makatulong sa inyong grupo upang pag-iisipan ang tipo ng social impact na nais ninyong makamit.

# SYSTEMS THINKER'S SPOTLIGHT

## Fatima Garcia-Lorenzo

Co-Founder, Kythe Foundation

Para sa isang batang may cancer o iba pang chronic illness, pakiramdam mo ay halos sa ospital ka na lumalaki dahil sa dalas mong kailangan magpunta roon para magpagamot. Mas masakit ito, sa puso at bulsa, kung mahirap ang pamilya ng bata.

Itinayo nina Fatima Garcia-Lorenzo ang [Kythe Foundation](#) para pagandahin kahit papaano ang kalidad ng buhay ng mga batang ito pati na rin ng kanilang mga pamilya. Ipinakilala ng Kythe ang konsepto ng **Child Life services** sa mga ospital sa Pilipinas – mga espesyalista at programang tumutulong sa mga bata at mga kaanak na **maunawaan at mapagtagumpayan ang stress na dala ng malubhang sakit at madalas na pagpapa-ospital.**

Gaano kalaking bagay kaya para sa kanila na maramdamang mayroon silang karamay, at ginagabayan sila sa mga masalimuot na proseso ng pagpapagamot?

**Pag-unawa sa sistema.** Bilang mga psychologist, unang tumutok ang mga founder ng Kythe sa play therapy at psychosocial support para sa mga bata. Pero nang tingnan nila ang “bigger picture” at nakita ang mga sistemang nagkakaroon ng epekto sa mga bata at pamilya, naunuwaan nilang hindi sapat ang psychosocial support lang. Kung gusto nilang tulungan ang mga batang gumaling,



Photo Credit: Istorya ng Pag-Asa

kailangan din nilang bigyan ng tulong na pinansyal ang mga pamilya para maabot nila ang tamang pagpapagamot.

Unti-unti, nagtayo ang Kythe ng mga Child Life (CL) program sa mga malalaking ospital sa Pilipinas. Pinagsama na nila ang psychosocial, medical, at financial support. Mahigit 11,000 na bata at kaanak na ang natulungan nila sa ilalim ng mga programang ito.

# SYSTEMS THINKER'S SPOTLIGHT

Fatima Garcia-Lorenzo

## Long-term Positive Change

*Paano tayo gagawa ng impact na tatagal kahit pa wala na tayo?*

Matapos patakbuhan ang Child Life program sa mga ospital nang maraming taon, nakita ng Kythe na kung gusto nilang tumulong sa mas maraming bata, sa mas malalim na paraan, kailangan nilang baguhin ang pamamaraan nila.

Imbes na Kythe ang magpapatayo at magpapatakbo ng mga Child Life program para sa mga ospital, sinimulan nilang baguhin ang healthcare system at turuan ang mga ospital mismo na magpatakbo ng sarili nilang Child Life program.

## Reinforcement

Ano'ng mga istruktura at institusyon na kailangan para suportahan ang pagbabagong ito?

Para hikayatin ang mga ospital na gumawa ng sarili nilang Child Life program, kinailangan nila Fatima at ng Kythe na makuha ang suporta ng mga mahahalagang tao sa larangan ng pediatric oncology, palliative at mga hospice care medical society - pati ang Department of Health (DOH), para maglabas ito ng mandato tungkol sa pagpapatayo ng mga CL program.

Bilang bahagi nito, gumawa ang Kythe ng evidence-based research na nagpapakita kung paano nakakatulong ang psychosocial support sa mismong pisikal na paggaling ng mga bata.

## Inner Transformation

Nababago ba natin ang pag-iisip, pakiramdam, at paniniwala ng tao?

Ayon kay Fatima, hindi sapat na mga batas at panuntunan lang ang baguhin natin. Kailangan din natin ng “inner transformation” o pagbabago ng kalooban para tunay na isabuhay ng komunidad ang pagbabagong isinusulong natin.

Para magawa nila ito, tinututukan ng Kythe ang paglikha ng mga event gaya ng mga “shared experience” para makita at maramdaman ng mga doktor, volunteer, partner, at opisyal ang kabutihang dala ng mga CL program sa mga bata, pamilya, at maging sa mga doktor mismo.

## Inclusion

Sinisikap ba nating pagandahin ang buhay ng lahat, at hindi lang ng iilan?

Kung nais mong tumulong sa paglikha ng mundong makatarungan at kapaki-pakinabang sa lahat, hindi kailanman matatapos ang paglalakbay mo bilang systems thinker. Habang pinapatupad mo ang mga proyekto mo, unti-untimong makikita ang ugnayan ng trabaho mo sa iba pang mga isyu at iba pang komunidad. Magsisimula kang makakita ng mga bagong problema na maaaring gusto mong lutasin, mga bagong tanong na hahanapan ng sagot.

Ganyan ang nangyari kina Fatima at sa Kythe. Nakita niyang kaya pa niyang tumulong sa iba pang komunidad ng mga pasyente sa buong Pilipinas. Naging founding member ang Kythe ng Philippine Alliance of Patient Organizations (PAPO) na nagsusulong ng universal healthcare para sa lahat ng pasyente, access sa mas murang gamot, at pagsali ng psychosocial care sa mismong sistema ng healthcare ng bansa.

# ANG PAG-IISIP NG SYSTEMS THINKER

“We cannot solve our problems with the same thinking we used when we created them.”  
(Albert Einstein)

“The definition of insanity is doing the same thing over and over again, but expecting different results.”

Maraming systemic problem na namamayani pa rin sa lipunan hanggang ngayon. Hindi iyan dapat isisi sa simpleng kapabayaan ng tao, dahil ang kasaysayan ay puno ng kwento ng mga taong nagtangkang baguhin ang mundo. Kahit ikaw mismo, maaaring may systemic problem na sinusubukang lutasin sa komunidad mo ngayon.

Hindi nangangako ang systems thinking ng milagrang solusyon o mga agarang sagot sa mga systemic problem na nagpapabigat sa buhay natin. Sa halip, ang ibinibigay nito ay mas malawak, mas malinaw, at bagong pagtingin sa isang lumang kalaban na tila ayaw magpatalo.

Habang nasasanay ka nang mag-isip bilang systems thinker, mapapansin mo hindi lang ang problema sa harapan mo, kundi pati na rin ang mga taong nasa loob ng sistema, ang mga ugali at paniniwala nila. Makikita mo na ang mala-spiderweb na koneksyon ng lahat, at dito ka na magsisimulang makaisip ng mga bagong solusyon na pwede mong subukan.

## Narito ang ilang mga tips kung paano magkaroon ng systems thinking mindset:

- > Suriin ng mas malalim ang sitwasyon; laging magtanong ng “bakit” para mahanap ang ugat ng problema



- > Zoom in & zoom out: Magmasid gamit ang iba't-ibang perspektibo




- > Makipag-collaborate nang may pagpapakumbaba at pag-unawa sa iba




- > Magtrabaho para sa ikabubuti ng lahat: laging gawing hangarin ang inclusion at equity



- > Laging tingnan ang bigger picture at hanapin ang mga interconnection ng mga tao, bagay, at konteksto ng isa't-isa



- > Hanapin ang mga “leverage points” kung saan ang maliliit na hakbang ay pwedeng magdulot ng malaking pagbabago



- > Ituring ang lahat ng sitwasyon bilang pagkakataong matuto; maging bukas sa mga bagong ideya



- > Ihanda ang sarili sa kawalan ng katiyakan at sa pagkabigo



**Suriin ng mas malalim ang sitwasyon; laging magtanong ng “bakit” para mahanap ang ugat ng problema**



**K**apag may nakikita tayong mga taong nagdurusa sa komunidad, madalas gusto nating makatulong agad at magbigay para sa kanilang pangangailangan – pagkain para sa nagugutom, damit para sa mga nasalanta ng bagyo, libro para sa mga estudyanteng walang pambili.

Malaking bagay ang ganitong klaseng tulong. Sa gitna ng trahedyang baka ito pa ang makaligtas sa buhay ng ilan. Pero kung ang hangarin natin ay makagawa ng pagbabagong tatagal nang higit pa sa atin, kailangan din nating huminto sandali at magtanong: bakit nga ba nangyayari ang mga problemang ito?

*Bakit nga ba may mga pamilyang sa sobrang hirap ay 'di man lang makabili ng pagkain?*


*Bakit nga ba may mga komunidad na hindi handa at laging dumadapa tuwing madadaanan ng kalamidad?*

*Bakit nga ba hindi kaya ng lahat ng batang pumasok sa paaralan?*

Magkakaroon lang ng tunay at pangmatagalang pagbabago kung ang ugat ng mga problema ang haharapin natin at pupuksain. Kung hindi, mauubos ang lakas natin sa mga sintomas lang ng problema, at oras na huminto tayo, magpapatuloy lang ang paghihirap ng tao.

**Tandaan:** Naniniwala kaming hindi magkalaban ang pamimigay ng agarang tulong at pagtuon ng pansin sa mga ugat ng problema. Hindi magkatunggali ang dalawa, kundi magkatuwang. Mas epektibo ang kumbinasyong ito kung alam din ng mga nagbibigay ng agarang tulong ang ugat ng problema, at alam din ng mga nakatutok sa ugat na may mga agarang pangangailangan ang mga taong apektado.

**Laging tingnan ang bigger picture at hanapin ang mga interconnection ng mga tao, bagay, at konteksto ng isa't-isa**



**K**ung hinahanap mo ang ugat ng isang problema, mahalagang umatras para makita mo rin ang mga bagay na nakapalibot sa problemang ito.

Sino ang mga tao, grupo, at komunidad na konektado at apektado sa problema? Ano ang koneksyon nila sa isa't-isa? Kung kumilos ang isa, ano ang epekto sa iba?

**Pagkatapos tumingin sa paligid ng isang problema, tumingin di sa ilalim nito. Doon mo makikita kung anu-anong mga kultura, patakaran, tradisyon, at paniniwalang mayroon ang mga taong parte ng problema. Paano napapanatili ng mga paniniwalang ito ang problema mismo?**



### Zoom in & zoom out:

Magmasid gamit ang iba't-ibang perspektibo



**K**ailangan marunong ang systems thinker na tumingin gamit ang iba't ibang pananaw.


Habang tumutugon tayo sa mga agarang pangangailangan ng isang komunidad, dapat nakikita pa rin natin ang “big picture” at ang hangarin ng pangmatagalang pagbabago.

Habang pinag-aaralan natin kung paano naapektuhan ng mga sistema ang isang komunidad, nakikita rin dapat natin kung paano naman naapektuhan ang sistema ng mga tao sa paligid nito.

Habang iniisip natin ang mga kongkretong pagbabago na gusto nating marating, gaya ng mga patakarang gusto nating baguhin o proyektong gusto nating simulan, kailangan nababantayan din natin ang mga pagbabagong dapat mangyari sa loob, ang mga pagbabago ng pananaw at paniniwala na pagdating ng araw ay magpapabago rin sa kilos ng lahat.

Isipin lang natin ang camera sa mga cellphone natin. Kapag ginamit natin ang zoom in at zoom out, makikita natin ang iisang bagay sa iba't-ibang paraan, at may matututunan tayo sa iba't ibang anggulong ito.

**Hanapin ang mga “leverage points”** kung saan ang maliliit na hakbang ay pwedeng magdulot ng malaking pagbabago



**H**abang unti-unti mo nang naiintindihan ang system na kaharap mo at ang papel na ginagampanan ng lahat ng taong konektado rito, subukan mong hanapin ang mga lugar sa loob ng system na pwede mong baguhin sa simpleng paraan, pero magresulta sa malaking positibong pagbabago. “Leverage points” ang tawag sa mga ito.

Limitado ang oras, lakas, at kakayanan nating lahat, kaya mahalaga ang paghahanap ng mga leverage points para siguraduhing efficient ang paggamit natin ng kakayanan natin. Kapag nahanap mo na ang mga leverage points, hanapin niyo na kung sino sa inyong grupo ang bagay na mamuno sa mga lugar o aspetong ito.



**Makipag-collaborate** nang may pagpapakumbaba at pag-unawa sa iba



**N**gayong nakikita na natin kung gaano kalawak at kalalim ang isang systemic na problema, at gaano karaming grupo at tao ang nakakabit dito, isang bagay ang dapat malinaw na sa atin:

Hindi natin kayang lutasin ito nang mag-isa.

Wala tayong dapat ikalungkot dito - magandang aral ito para sa atin. Mahalaga para sa isang systems thinker na yakapin ang konsepto ng collaboration o pakikipagtulungan.

Lapitan natin ang mga taong iba ang kakayahan sa iyo, o kaya mga taong gamay ang isang bagay na hindi mo kayang abutin. Huwag kang magpatali sa mga taong kapareho mo lang ng pag-iisip - makipag-collab ka kahit sa mga taong iba ang pananaw. Magandang oportunidad itong marinig at maintindihan ang pinanggagalingan ng iba.

Sa ngalan ng collaboration, kailangang matuto tayong makinig sa perspektibo ng iba nang may empathy o pag-unawa sa puso. Kailangan ding matuto tayong ilatag ang pananaw natin nang may pagpapakumbaba, para maging bukas ka sa opinyon ng iba.

Siguradong sa pagsasama-sama ng magkakaibang opinyon at pinanggagalingan, makakaisip kayo ng mga bagong solusyon na pwedeng subukan. Sama-sama niyo ring maipipinta kung ano ang itsura ng pagbabagong gusto niyong lahat magawa.

**Ituring ang lahat ng sitwasyon bilang pagkakataong matuto; maging bukas sa mga bagong ideya**



**N**ananatili ang mga systemic problem dahil hindi naging epektibo ang mga luma at tradisyunal na solusyong sinubukan natin noon.

Sa pagbukas mo ng iyong mata sa mga ugat ng problema, sa pagkakaugnay ng lahat, at sa pagiging bukas mo sa pag-collab sa mga taong nasa labas ng karaniwan mong grupo, tiyak may mga bagong solusyon na mabubuo, na mas kaya niyo nang subukan nang magkakasama.

Yun nga lang, mahabang proseso ito, at wala ring katiyakan na magiging epektibo ang mga bago niyong ideya. Ipagpatuloy lang ang pagsusubok. Matuto mula sa isa't isa at sa mga naiipon niyong karanasan.

Tandaan lagi ang hangarin natin: pagbabagong pangmatagalan at mas magandang kinabukasan para sa ating komunidad.

## MINDSET

**Magtrabaho para sa ikabubuti ng lahat:** laging gawing hangarin ang inclusion at equity



**Ihanda ang sarili sa kawalan ng katiyakan at sa pagkabigo**



**\*HABANG NAGBABASA KA TUNGKOL SA MGA MINDSET NG SYSTEMS THINKER, MAAARING NAISIP MONG "HINDI NAMAN BAGO ANG MGA IDEYANG ITO. MATAGAL NANG GINAGAWA ITO NG GRUPO KO."**

## PAANO ITO PATIBAYIN

**K**apag masyado na tayong nakatutok sa isang partikular na grupo o problema, minsan nakakalimutan na nating isipin kung may ibang mga naapektuhan na rin ang mga kilos natin.

Lagi nating tanungin: sino ang mga taong napag-iiwanan sa mga ginagawa ko? May mga boses pa ba sa komunidad na kailangan ko ring marinig?

Sa bawat pagkakataon, subukan nating gumawa ng sistema na para sa ikabubuti ng lahat at hindi lang para sa iilan.

**H**indi madaling sumubok ng mga bagong solusyon kasama ng mga bagong tao, lalo na't ang problemang kalaban mo ay complex at pabago-bago rin. Walang anumang research o paghahanda na magbibigay sa iyo ng katiyakan tungkol sa mangyayari sa hinaharap, kaya itaga mo na sa bato: hindi maiiwasan ang pagkakamali.

Kasama ito sa paglalakbay mo bilang systems thinker. Pero alam nating mabigat din sa loob ang magkamali lalo na't buhay ng komunidad mo ang nakasalalay. Bilang mga systems thinker, kailangan ligtas nating masusubukan ang mga naiisip nating solusyon, at kung kailangan, mabilis tayong makaka-buwelta nang walang taong masasaktan.

**M**aaaring tama ka. Kahit medyo bago kasi ang konsepto ng systems thinking, matagal nang may mga tao at grupong nagsisikap tungo sa positibong pagbabago na pangmatagalan. Kahit hindi nila alam ang salitang systems thinking, natural para sa kanila ang mga prinsipyo sa likod nito. Dahil din sa mga karanasan nila kaya natin natutunan ang kahalagahan ng collaboration, innovative thinking, at pagmapa ng sistema.

Ang inaasahan namin ay sana, sa pagsilip mo ngayon sa komunidad ng mga systems thinker, mas madali mong matututunan ang ginagawa ng mga taong nakatuon sa pagbabagong pangmatagalan.

Mayroong mga systems thinker sa iba't-ibang bahagi ng mundo. Umaasa kaming sa patuloy mong paglalakbay, magkakaroon ka rin ng ambag sa komunidad ng systems thinking mula sa sarili mong karanasan.

## SYSTEMS THINKING IN PRACTICE

**A**ng pandemyang COVID-19 ay isang malaking halimbawa kung paano ka konektado ang lahat dahil sa mga sistema. Ang dating inakala nating “health issue lamang,” nang tumagal, naging balakid na sa ekonomiya, sa food security ng komunidad, at pati na rin sa edukasyon ng kabataan natin. Ang problemang inakala nating isolated lang noon sa iilang bansa, nasa loob na ng sarili nating mga tahanan. Kahit sa mga lugar na mababa ang kaso ng COVID, labis ding apektado ang mga industriya gaya ng agrikultura, manufacturing, at turismo.

Lalong importante ngayong mag-iisip bilang systems thinker para maintindihan natin itong bago at pagbago-bago nating realidad.

**Tingnan natin kung paano mag-iisip ang isang systems thinker para sa kapakanan ng komunidad ngayong pandemya.**

### Mindset

### Paano ko tutulungan ang komunidad ko ngayong COVID-19 pandemic?

**Suriin ng mas malalim ang sitwasyon; laging magtanong ng “bakit”** para mahanap ang ugat ng problema

- Bakit nagkakasakit ang mga tao sa barangay ko?
- Bakit hindi sumusunod ang iba sa safety protocols? Bakit hindi kaya ng ibang manatili lang sa bahay?
- Mayroon bang mga patakaran, paniniwala, o nakagawian na kung saan lalong nalalagay sa panganib ang mga tao?

**Laging tingnan ang bigger picture at hanapin** ang mga interconnection ng mga tao, bagay, at konteksto ng isa’t-isa

- Health issue lang ba talaga ang COVID? Alin pang mga bahagi ng komunidad ko ang apektado?
- Anong mga initiative na ang mayroon? Anong epekto ng mga initiative na ito sa isa’t-isa? Ano ang kulang?

**Zoom in & zoom out:** Magmasid gamit ang iba’t-ibang perspektibo

- **Short-term/Long-term:** Anu-ano ang mga problema ng komunidad ko sa ngayon? Anu-anong problema ang sa tingin kong lalabas sa susunod na dalawang taon dahil sa pandemya?
- **Micro/Macro:** Ano ang karanasan ng pamilya ko at ng barangay ko? Anu-ano ang mga nagiging pagsubok sa lebel ng siyudad at probinsya?

**Hanapin ang mga “leverage points”** kung saan ang maliliit na hakbang ay pwedeng magdulot ng malaking pagbabago

- Ano ang posibleng maliliit na hakbang na pwedeng magdulot ng malaking positibong pagbabago sa buhay at kaligtasan ng mga miyembro ng komunidad ko? Kaya ko bang pamunuan ang isa sa mga ito?

**Makipag-collaborate** nang may pagpapakumbaba at pag-unawa sa iba

- Kanino ako pwedeng makipag-collaborate, at paano ko masusuportahan ang programa ng iba?

**Ituring ang lahat ng sitwasyon bilang pagkakataong matuto; maging bukas sa mga bagong ideya**

- May mga bagong ideya ba na pwede nating subukan? Kanino pa tayo pwedeng matuto?

**Magtrabaho para sa ikabubuti ng lahat:** laging gawing hangarin ang inclusion at equity

- Sino ang mga napag-iiwanan o nakakaligtaan ng mga relief effort at ng mga bagong patakaran?

**Ihanda ang sarili sa kawalan ng katiyakan at sa pagkabigo**

- Anong gagawin natin kung magtagal pa ang pandemyang ito higit sa inaasahan natin? Paano kung patuloy lang na mag-mutate ang virus?

# SYSTEMS THINKER'S SPOTLIGHT

## Ryan Gersava

### Virtualahan & Activating Rural Changemakers

Si Ryan ang founder ng [Virtualahan](#), isang grupong nais magkaroon ng mas inclusive na lipunan. Gumagamit sila ng teknolohiya para magtatag ng mga inclusive na sistema – tinatangal nila ang mga balakid sa paghahanap ng trabaho ng Persons with Disabilities (PWD) at iba pang mga napag-iwanang komunidad. Pinagsasama ng modelo nila ang well-being sessions, community-building, at digital job skills training. Co-founder din si Ryan ng [Activating Rural Changemakers](#).



### Bakit mo naisip na makakatulong ang systems thinking sa mga Pinoy community?

*Ryan:* Makakatulong ang systems thinking sa mga Filipino community dahil magkakaroon sila ng **mas malalim na pag-unawa** sa mga isyung direktang nakaka-apekto sa kanila, at matututo silang **huwag magkamaling tumutok lang sa iisang kwento**. Mas magiging bahagi sila ng solusyon kapag alam nila ang papel nila sa loob ng system, at malaman nila kung paano makipag-sanib puwersa sa iba para baguhin ang sarili nilang kondisyon, na magiging daan naman patungo sa systems change.

### Bilang changemaker, kailan mo na-realize na kailangan mong mag-isip at kumilos sa isang systemic na paraan?

*Ryan:* Namulat ako nung nakita kong hindi nagdudulot ng long-term impact sa komunidad ang mga **“short-cut” na solusyon**. Doon ako napuwersang **harapin ang mga narrative na ‘di madaling marinig** pero mas malapit sa ugat ng problema. Saka ko naintindihang dapat kong gawin kung ano ang kailangan, hindi lang ang mga madali sa akin.

### May payo ka ba sa mga changemaker pagdating sa kawalan ng katiyakan at sa pagkabigo?

*Ryan:* Yakapin niyo ang mga iyan, dahil iyan ang magdadala sa iyo tungo sa tagumpay. Sa ngayon, **bumuo na kayo ng matibay na support system** para mayroon kayong hingahan ng mga emosyong kailangan niyong iproseso.

*\*\* Ang panayam na ito ay isinalin sa wikang Filipino.*

# MGA TOOLS NG ISANG SYSTEMS THINKER


**N**gayong alam na natin kung paano tinitingnan ng isang systems thinker ang mundo, ang sunod na tanong ay: “OK, saan ako magsisimula?”

Hindi “one-size-fits-all” ang proseso sa systems thinking, at wala itong mga hakbang na kung basta susundin mo lamang ay sigurado nang magdudulot ng tagumpay. **Ikaw ang didisenyo ng sarili mong proseso base sa sarili mong konteksto, base sa konteksto ng problema at ng komunidad na hinaharap mo.**

Ito ang dahilan kung bakit sa umpisa, mahalagang aralin at himayin niyo muna bilang isang team ang mindset ng mga systems thinker. **Kung naiintindihan niyo na kung paano mag-isip ang isang systems thinker, mas madali na para sa inyong magdesisyon kung aling mga systems tool ang gagamitin niyo sa inyong sitwasyon.**

Wala mang iisang paraan para magsagawa ng isang systems change process, kadalasan ito ang tatlong hakbang na ginagamit ng iba’t-ibang mga systems thinker:


- > **Intindihin ang System**  
Matuto, Mag-Mapa, at Hanapin ang Lugar Mo sa Loob ng System
- > **Makipag-Collaborate**  
Sabay na Lumikha at Magpatupad ng Solusyon
- > **Matuto at Mag-Adapt**  
Sama-Samang Mag-Reflect at Isipin ang Susunod na Hakbang



**\* TANDAAN!**

Hindi strikto and pagkakasunud-sunod ng mga hakbang na ito. Cycle ito na pwedeng balik-balikan at ulit-ulitin ng team mo habang ipinapatupad ang proyekto. Pwede ring umatras at tumalon ka sa hakbang na kinakailangan ng sitwasyon. Halimbawa, sa collab ka pwede makapulot ng mga bagong ideya na babago sa nakikita mong mapa ng system. Pwede ring may makita ka sa mapping na magbabago sa pagpapatupad ng buong proyekto. Imbes na mag-monitor ka sa dulo lang ng proyekto, kailangan marunong tayong mag-assess habang ipinapatupad ang proyekto at mag-adjust sa kalagitnaan kung kinakailangan.

# INTINDIHIN ANG SYSTEM



Matuto, Mag-Mapa, at Hanapin ang Lugar Mo sa Loob ng System

Ang pinakaunang kailangang bigyang ng panahon sa isang systems thinking process ay ang pag-unawa kung ano ang system na kinakaharap mo. Kadalasan kasali rito ang mga sumusunod:

## Alamin kung aling system

ang gusto nating tutukan, at piliin kung gaano kalawak ang gusto nating saklawin. Halimbawa, sinusubukan ba nating tumutok sa isang problemang nasa lebel ng barangay, lebel ng siyudad, o sa buong bansa? Ito rin ang tinatawag nilang “setting the boundaries of a system.”

## Bumuo ng imahen ng iyong end goal

o ang positibo at pangmatagalang pagbabago na gusto mong makamtan. Ito ang magsisilbing guiding star mo sa pagkilos.

## I-mapa ang system

at kilalanin ang iba't-iba nitong mga element (gaya ng tao, stakeholder, institusyon, atbp.), ang relationship ng mga element sa isa't-isa, at ang mga lumalabas na pattern sa pag-uugali at sa mga pangyayaring resulta ng mga relationship na ito.

Maraming paraan para mag-mapa ng isang system, depende sa klase ng insight na kailangan mong makita. Ibabahagi namin sa inyo ang ilang mapping methods mamaya.

## Hanapin ang iyong lugar sa system at alamin ang ‘leverage points’ mo.

Habang minamapa mo ang system, mas makikita mo na ang mga problema sa loob nito at ang mga lugar kung saan may mga pangangailangan. Hindi mo kayang saluhin ang lahat. Pero kapag nag-reflect na ang team mo tungkol sa inyong mga galing, kahinaan, at karanasan, pwede niyong hanapin ang mga “leverage points” sa system **kung saan puwede kayong gumawa ng maliit na pagbabago na magkakaroon ng malaking impact.** Dito niyo malalaman kung ano ang papel na kaya niyong gampanan bilang isang team sa system – saan at paano kayo tunay na makakatulong.

## \* HUWAG KALIMUTAN!



**Bantayan ang sarili mong mga assumption at bias na nakakaapekto rin sa pagkakaintindi mo ng sistema. Dito mahalagang mag-imbita ng mga taong iba ang pananaw sa 'yo kapag nagmamapa. Siguraduhin mo ring maririnig ang mga magkakaibang boses at perspektibo sa komunidad.**



# RICH PICTURE DRAWING


Intindihin ang System

Nandito ang isang halimbawa kung paano magagamit ng isang youth group ang Rich Pictures (isang simpleng paraan ng mapping) upang pag-isipan ang layunin nila na mapabuti ang nutrisyon ng mga bata sa kanilang barangay.





# HALIMBAWA NG MGA MAPPING TOOLS AT EXERCISES



Intindihin ang System

## Rich Pictures

Isa ito sa mga pinakasimpleng paraan para imapa ang isang system. Dito, ilalapag mo ang ibat-ibang stakeholder ng napili mong system at subukan mong ilarawan ang kanilang mga pananaw at relasyon sa iba pang elemento.

## Taal Model

Inangkop ng ARC base sa Iceberg Model

GINagamit ng Taal Model ang metaphor ng bulkan para ipakitang kailangan nating tumingin lagpas sa iisang pangyayari o pagkilos, at laliman ang tingin para makita ang mga ugali, istruktura, at mental model na basehan ng pagkilos ng mga tao at maaaring dahilan kung bakit nagtatagal ang mga systemic problem.

## Theory of Change

Isang paraan ito upang mas madaling mapag-isipan ng inyong grupo ang pagbabagong nais ninyong makamit at ang mga hakbang na kailangan gawin para dito.

## 5 Whys

Root Causes

Ito ay isang simple at epektibong paraan para makita natin ang mga ugat ng isang problema. Tatanungin natin ang sarili natin kung bakit nangyayari ang isang problema, ano ang mga assumption natin tungkol sa ating mga sagot. Hihikayatin ka nitong magtanong ng “bakit?” nang apat na beses pa, para lalo mong makita ang malalalim na ugat ng isyu.

## Empathy Mapping


Ito ay isang proseso na galing sa Human-Centered Design kung saan mas mapapalalim natin ang pagkakaintindi natin sa mga taong apektado ng ating mga proyekto. Tinitignan ng empathy map kung ano ang sinasabi, ginagawa, iniisip, at nararamdaman ng isang grupo ng mga tao.

## 5R Mapping

Inangkop ng Ashoka


Galing ito sa isang proseso ng USAID, tutulungan ka nitong imapa ang system sa pamamagitan ng pag-identify ng mga Roles, Relationships, Rules, Resources, at Results. Nagbibigay ito ng mas structured na paraan ng pag-iisip kung saan kaya magandang pumasok sa isang sitwasyon.

# \* FACILITATORS TIPS!




**H**indi tungkol sa iyo ang lahat. Isa sa pinakamadalas na pagkakamali ng mga team ay ang pagmamapa nila ng system para lamang patunayan na kailangan sila nito. Madalas sisimulan nila ang mapping na ang grupo nila ang nasa gitna, saka imamapa ang ibang elemento sa paligid nila. Sanayin mo ang team mo na magmapa muna ng system nang hindi pa kayo kasama. Nagmamapa tayo para makita ang mga butas sa system at kung ano ang pinaka-epektibong papel na pwede nating gampanan base sa sarili nating kakayahan.

**B**uhay ang mga system at laging nagbabago. Kailangan lagi nating ipapaaalala sa sarili natin na ang mapang ginawa natin ay snapshot lang ng sistema sa isang partikular na panahon. May magbabago sa sitwasyon at kakailanganin nating balikan at pag-isipan uli ang mga ginawa nating mapa. Hindi mo kailangang gumawa ng perpektong mapa – gabay niyo lamang ito, at hindi end goal mismo ang paggawa ng mapa.



# MAKIPAG-COLLABORATE

Sabay na Lumikha at Magpatupad ng Solusyon



**H**abang pinagdadaan mo ang proseso ng mapping at pag-unawa kung anong system ang gusto mong baguhin, umaasa kaming ma-realize mo ang dalawang bagay na ito:

**1 Lahat tayo ay may importanteng papel sa system** at lahat tayo ay may mahalagang maia-ambag.

**2 Kailangan nating makipagtulungan.** Complex ang mga problema na hinaharap natin at hindi natin kayang baguhin ito mag-isa.


Kung complex ang sitwasyon na hinaharap natin, madalas ina-analyze natin ang iba't-ibang bahagi nito nang magkakaibang. Pero natutunan na natin sa systems thinking na **ang system ay dapat tinitingnan nang buo**. Kailangan nating mag-focus sa mga relationship at pattern sa pagitan ng magkakaibang bahagi kung gusto nating impluwensyahan ang isang system.

Ang pagpapahalaga sa mga koneksyon na ito ay parte ng dahilan kung bakit napakahalaga ng pakikipagtulungan bilang bahagi ng proseso. Nakakalula ang lawak ng mga systemic problem, at lahat tayo may kanya-kanyang limitasyon.

**Nasa gitna ng isang epektibong systems strategy ang pakikipagtulungan o collaboration.**

# MAKIPAG-COLLABORATE

Sabay na Lumikha at Magpatupad ng Solusyon



**\*** Sa nakaraang section, mas nagkaroon ka na ng pag-unawa kung ano ang system at kung paano kilalanin ang mga leverage points. Ngayon, pwede ka nang **mag-disenyo at magpatupad ng mga solusyon** o proyekto, kasama ng iba mong mga partner. Kadalasan kasali rito ang:

## Pagbubuo ng pagtitiwala at matatag na samahan sa pagitan ng mga partner.

Ang mga organisasyon at mga kilusan ay binubuo ng tao. Magtatagumpay lang ang collaboration kung marunong tayong mag-alaga ng ating mga samahan. Dapat marunong tayong makinig, magkaroon ng empathy, at bumuo ng tiwala. Kailangan sa collaboration ng pagpapakumbaba at pagiging bukas na matuto sa iba, lalo na kung mayroon tayong mga kasamang iba ang pananaw o paniniwala sa atin.

## Alamin ang sama-samang layunin ng komunidad

Sinasabi ng maraming team at organisasyon na nagko-collaborate sila, pero malaki ang kaibahan ng paghanap ng partners na susunod lang sa agenda mo, kumpara sa tunay na pagsasama-sama para bumuo ng shared vision ayon sa kailangan ng komunidad. Ito ang hamon na hinaharap ngayon ng maraming koalisyon at collective action na grupo.


## Pagdisenyo at pagpapatupad ng isang adaptive plan.

Kasama ng mga pinagkakatiwalaan mong partner, ibubuo at ipapatupad niyo ang inyong mga initiative base sa strategic areas na nakita niyo sa mapping.

Isang mahalagang puntong dapat tandaan ay dapat ang plano niyo ay adaptive, ibig sabihin, alam at inaasahan nating magbabago ang kaharap nating system habang ipinapatupad natin ito. Dapat handa tayong mag-adjust at magbago ng plano kung kinakailangan. Imposibleng mahulaan ang lahat ng pwedeng mangyari habang nagpa-plano, dito makakatulong ang ilang method kagaya ng Human-Centered Design o Design-Thinking.

# ILANG TANONG PARA SA MGA NAGKO-COLLABORATE

Makipag-Collaborate



> Nakikipagtambalan ba ako sa mga taong may mga pananaw na iba sa akin o nagtawag lang ba ako ng mga taong kapareho kong mag-isip at sang-ayon sa mga paniniwala ko?

> Base sa mapa ng mga pangangailangan ng komunidad, ano ang kaya kong gawin at alin ang hindi ko kayang abutin? Aling mga grupo sa loob ng system ang mas kayang gawin ito?

> Nakikipag-partner ba ako para lumaki ang aking **operasyon**, o para lumaki ang aking **impact**?

> Paano nakakatulong ang trabaho ko sa hangarin ng ibang team at organisasyon?


> Anong mangyayari kapag wala na ako at ang organisasyon ko?

*Malaki ang kaibahan ng dalawang ito. Kadasalan, naghananap ng funding at bumubuo ng partnership ang mga organisasyon para lumawak ang abot ng operasyon nila. (Halimbawa, paano makapagpatayo ang grupo ko ng mas marami pang learning center sa iba't-ibang barangay?)*

*Pero minsan, mas malaki ang impact na maiwan natin kung bitawan natin ang ideya at ibahagi ito sa iba (Halimbawa, paano kung imbes na mag-fundraising para makapagpatayo ako ng mas maraming learning center, i-open source namin ang ideya para matuto ang ibang mga community organization na magtayo ng sarili nilang learning center?)*

# HALIMBAWA NG MGA COLLABORATION TOOLS

Makipag-Collaborate



Ang **Bridging Leadership** ay collaborative approach na nakatutok sa internal reflection at transformation ng mga lider para maging trust-builder. Nakakatulong ang approach na ito para bumuo ng tiwala at collective action sa pagitan ng mga taong malaki ang pagkakaiba. Ang tatlong phase nito ay: 1) pagbuo sa lider ng ownership at responsibilidad sa isang problema; 2) pagbuo ng co-ownership kasama ng ibang stakeholders; at 3) ang pagbuo ng mga solusyon nang sama-sama.

Isang halimbawa naman ang **Collective Impact method** ng mas structured na proseso ng collaboration at makakatulong sa pagharap sa isang systemic problem na nakatuon sa isang lugar na mayroon nang malalakas na lokal na organisasyon na bukas na sa collaboration.

May limang kondisyon na kailangan ang Collective Impact process:

- Isang napagkasunduang agenda;
- Napagkasunduang sistema ng pagsusukat;
- Mga aktibidad na pinatitibay ang layunin ng isa't-isa;
- Bukas na komunikasyon; at
- Isang dedicated na backbone support organization

Pwede niyo ring subukan ang mga sumusunod na tools tungkol sa collaborative learning at trust-building:

## > **Design Thinking**

isang prosesong makakatulong sa iyong mag-co-design o sumubok ng mga bagong ideya kasama ng mga partner mo. Gumawa ang Limitless Labs ng lokal na design-thinking workshop at toolkit para sa mga Pinoy community na tinawag nilang POSIBLE.

## > **Open Space Sessions**


isang kakaibang paraan ng pag-organisa ng mga pagtitipon o miting, kung saan ang mga kalahok mismo ay pwedeng gumawa at mag-manage ng sarili nilang agenda habang nag-aambag pa rin sa kolektibong estratehiya.

## > **Recipes for Wellbeing**

isang komunidad na nakatutok sa wellbeing ng mga changemaker; may mga aktibidad sa website nila tungkol sa pagbuo ng tiwala at koneksyon.

# MATUTO + MAG-ADAPT

Sama-Samang mag-Reflect at Isipin ang Susunod na Hakbang



**H**abang nagko-collaborate kayo at nagpapatupad ng mga initiative, makikita niyo agad na hindi lahat mangyayari ayon sa pinagplanuhan, at kakailanganin ninyong mag-adjust. Natural ito sa mga living system, lagi itong nagbabago.

## Ilang beses nang nangyari sa inyong may partner kayo sa proyekto na biglang nagbago ng isip, o nagkaroon ng 'di inaasahang problema sa komunidad?

Isipin mo ang sarili mo bilang isang manlalakbay sa mahabang ekspedisyon. Puwede kang magsimula sa mapa bilang gabay, pero kung may mga biglaang balakid sa daan, o kung madiskubre mong nagbago na ang mga daan, kailangan mong maghanap ng ibang paraan upang makarating sa gusto mong puntahan. Wala nang saysay na sumunod pa rin sa nakasulat sa mapa.

Kapag ang trabaho mo ay nakatutok sa mga dynamic na system na binubuo ng tao, at mga komunidad na laging nagbabago, hindi na pwedeng basta ka lang mag-iisip at magpapatupad ng plano – dapat handa kang baguhin ang planong ito ayon sa pagbabago sa paligid at nagbabagong hangarin ng mga taong kasali. Makakatulong dito ang mga model gaya ng [Cynefin Framework](#) “Probing-Sensing-Responding” at ng proseso ng [Design Thinking](#) “Empathize > Define > Ideate > Prototype > Test”




### In Practice

*Kung balikan natin ang halimbawa ng pandemya bilang systemic problem, makikita natin kung gaano ka-importante na kayang mag-adapt at mag-adjust agad ng mga organisasyon sa mga dumarating na pagbabago.*

*Sa simula, wala pa tayong naiitindihan masyado tungkol sa virus at paano ito kumakalat, pero kailangan na nating kumilos agad sa ating mga komunidad. Ni hindi natin alam kung hanggang kailan ang problemang ito, at kahit makalipas ang isang taon, patuloy pa ring nag-aadjust ng kilos ang mga organisasyon dahil sa pagbabago na sitwasyon at pag-mutate ng virus. Ang mga solusyong gumana nung umpisa, maaaring hindi na epektibo ngayon.*

# PAGTATAG NG SYSTEMS THINKING TEAM

Matuto & Mag-Adapt



Kung pakikitingan mo, ang ideya ng “learning from our mistakes” ay parang common sense at dati na nating ginagawa. Pero sa totoong buhay, napakahirap nitong gawin. Natural para sa atin na gustuhing magtagumpay ang mga inisyal nating plano. Maaaring natatakot ang mga team na i-adjust ang mga proyekto nila dahil baka hindi sila payagan ng funder o tingnan ito bilang kabiguan ng organisasyon.

Kaya hindi sapat na isa lang ang systems thinker na lider sa grupo. Kailangang makabuo tayo ng grupo at organisasyon na ang buong kultura ay ayon sa systems thinking. Marami kasing bahagi ng systems work ay parang counterintuitive at hindi ayon sa nakasanayan ng mga organisasyon.

Hindi tayo magiging epektibo sa paggawa ng systemic goal kung hindi tayo bubuo ng isang systemic na organisasyon.



**Sa systemic na organisasyon, hinihikayat ang mga miyembro para subukan ang mga bagong ideya, at sa halip na parusahan sila sa pagkabigo, nakafocus ang grupo sa paghanap ng aral mula sa karanasang ito.**



**Komportable ang mga miyembrong aralin ang kabuuan ng sitwasyon at harapin ang mga problema nang sama-sama sa halip na paghati-hatian ang problema at ayusin nang magkakahiwalay.**




**Kaya ng mga systemic organization na tumingin ng lagpas sa sarili nilang programa at magambag sa mga shared goal kasama ng ibang organisasyon.**




# PAANO BAGUHING ANG KULTURA NG IYONG TEAM?

Matuto & Mag-Adapt



*Mahirap para sa ibang team na baguhin ang kultura nila sa loob para maging mas aligned sa systems thinking. Nag-interview kami ng ilang lokal na organisasyon at ito ang ilang tips na ibinahagi nila para mabago ang inyong team culture:*

- > Subukang baguhin hindi lang ang kultura ng buong team (mga staff member) kundi pati ang kultura ng mga volunteer at partner.
- > Mamuno ng mga activity na tutulong sa mga team member na mag-reflect tungkol sa kanilang lakas (at ang tulong na naibibigay nila sa sistema) pati ang kanilang kahinaan (kung saan magiging mahalaga ang pag-collaborate sa iba).
- > Bigyan ng pagkakataon ang mga team member na mamuno at mag-disenyo ng sarili nilang initiative. Hikayatin mo silang matuto mula sa mga karanasan; damayan sila at suportahan kapag nagkamali.
- > Tulungan ang mga miyembrong makita ang “bigger picture” at i-mapa ito sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang sumali sa mga ecosystem events na nasa labas ng karaniwang nilang tungkulin, at makipag-usap sa mga bagong systemic partner.
- > Kahit mayroon na kayong pangmatagalang systemic goal, mahalagang ipagdiwang din ang mga maliliit na panalo ng grupo at ipakita sa mga miyembro kung paano ito nakakatulong sa end goal.
- > Ipakita kung bakit kailangang sabay na ipatupad ang agarang tulong o serbisyo at ang systems change.



# ANG SYSTEMS VIEW NA NAKATUNGONG SA LUPA

**K**apag nakatutok na tayo masyado sa isang system, minsan nakakalimutan natin na nais nating maimpluwensyahan ang sistemang ito upang mapaganda ang buhay ng mga tao sa ating komunidad.

**Hindi lang konsepto ang pinag-uusapan natin dito, kundi mga tunay na buhay, pangarap, at paghihirap ng tao.**

Dahil dito, pinipili pa rin ng maraming systemic na organisasyon na gawing bahagi ng operasyon nila ang pamimigay ng direkta at agarang serbisyo sa komunidad, para ang long-term systemic work na ginagawa nila ay laging naka-angkla sa empathy at sinserong pag-unawa sa karanasan ng komunidad na pinaglilingkuran nila.

# WHAT'S NEXT?

Paano Tayo Patuloy na Matututo?

Sana itong pasilip sa mundo ng mga systems thinker ay mag-inspire sa inyong mas matutunan pa ito, at subukan sa inyong mga grupo at komunidad.

Marami kang makikitang resources online tungkol dito. At madalas, bukod sa “systems thinking,” mae-engkwentro mo rin ang mga salitang “systems change.” Baka makatulong sa iyong malaman na ginagamit ang “systems change” sa iba’t-ibang paraan:

## Systems change bilang

### Mindset

*isang paraan kung paano pagmasdan ang mundo; minsan tinatawag ding “systemic thinking” o “systems thinking”*

## Systems Change bilang

### Proseso

*isang paraan ng pagkilos; pwedeng tumukoy sa mga methodology, framework, o tools para sa pagbabago ng lipunan*

## Systems Change bilang

### Layunin

*isang hangarin na sinisikap mong marating; ang makikita mong realidad kapag nabago na ang isang sistema*

# MGA ONLINE RESOURCES

Kung Saan Kayo Pwedeng Magsimula

## Guides & Toolkits

- Youth Year PH's [Systems Thinking Resources](#)
- Omidyar Group's [Systems Practice Workbook](#)
- MobLab's Guide for [Systems Thinking for Campaigning and Organizing](#)
- Ashoka's [Systems Change Crash Course](#)
- NPC's [Systems change: A guide to what it is and how to do it](#)
- [Thinking Tools Studio \(Waters Center for Systems Thinking\)](#)
- [Systems-Led Leadership](#)
- FSG's [Systems Thinking Toolkit](#)
- The Systems Thinker's [Introduction to Systems Thinking](#)
- Smart CSOs [Systems Thinking Workbook](#)

## Articles

- [The Systemic Starfish \(Firetree Philanthropy\)](#)
- [Dancing with Systems \(Donella Meadows\)](#)
- [6 Concepts of Systems Thinking \(Disruptive Design\)](#)
- [Systems Change - Big or Small? \(SSIR - Odin Muhlenbein\)](#)

## Organizations to Check Out

- [Activating Rural Changemakers](#)
- [Ecology of Changemaking](#)
- [Ashoka Philippines](#)

## Courses

- [Systems Innovation](#)
- [Systems Practice \(Acumen\)](#)
- [Systems Thinking for Change \(Coursera\)](#)

## Videos

- [Intro to Systems Thinking PH](#)
- [Why Use a Systems Practice \(Omidyar Group\)](#)
- [Systems Practice Mindsets \(Omidyar Group\)](#)
- [Levels of Impact \(Ashoka\)](#)
- [A Systems Story \(Systems Thinking\)](#)

# MGA HULING MENZAHE PARA SA MGA FACILITATOR

Sana nakatulong sa inyo ang systems thinking guide na ito.

## Mag-Collab Tayo!

Excited kaming marinig mula sa inyo kung paano pa mapapaganda ang mga resource gaya nito para sa mga Pinoy changemakers. Dinisenyo namin ang guide na ito para sa inyo bilang overview ng systems thinking. Sabik kaming makita kung paano niyo kukunin dito ang mga ideyang mahalaga para sa inyo at isasalin sa wika, mensahe, at tono na bagay sa inyong komunidad. I-email niyo kami sa [tjm@firetree.org](mailto:tjm@firetree.org), hihintayin namin ang mga kuwento niyo!

Salamat sa inyong panahon! Good luck sa simula ng inyong systems thinking journey!

**B**ago kami magpaalam, iiwan muna namin sa inyo ang ilan pang mga insights na natutunan namin mula sa ilang lokal na systems thinking facilitator:

- > Ang pag-aaral ng systems thinking ay dapat kadikit sa mga changemaking initiative ng grupo mo. Lagi mong pag-isipan kung paano magiging personal at makabuhulan sa iyong team ang mga prinsipyo na pinag-aaralan nyo.
- > Napa-epektibong paraan ang storytelling para mapaunawa sa team mo kung ano ang systems thinking mindset. Subukan mong gumamit ng mga kuwentong galing sa sarili mong komunidad na nakaka-relate sa mga systems thinking principle, pagkatapos ay hikayatin ang mga miyembro na magkuwento rin ng sarili nilang karanasan.
- > Ibinahagi ng ilang facilitator na nakatulong sa kanilang ikwento muna sa team ang personal nilang karanasan sa systems thinking, pagkatapos ay mag-imbita ng speaker o practitioner galing sa labas ng grupo para himayin ang karanasang ito mula sa ibang perspektibo. (halimbawa: ang pagbigay nila ng mga katulad na karanasan na galing sa ibang bansa o sa ibang tema).
- > Ang pinaka-epektibong paraan para aralin ang systems thinking ay ang mismong paggawa nito. Gumamit ng maraming activity at hands-on exercises para maintindihan niyo ang mga prinsipyo. Subukan niyong bumuo ng komunidad ng mga nagpa-practice nito para patuloy ang pagbibigay ng suporta at pagbabahagi ng ideya.

# ACKNOWLEDGEMENTS

**N**ais naming lubos na pasalamatang ang lahat ng mga changemaker at lider na nag-ambag ng kanilang panahon at karunungan sa proyektong ito bilang mga interviewee, writer, o reviewer:

- Ashoka Philippines Team
- Bel Padlan (iVolunteer)
- Changemaker Lab Batch 1
- Chiara Anne Zambrano
- Clarissa Delgado (Teach for the Philippines)
- Fatima Garcia-Lorenzo (Kythe Foundation)
- Froilan Enverga (International School for Better Beginnings)
- Henna Dazo (Activating Rural Changemakers)
- Jo Anne V. Coruña (Ecology of Changemaking)
- Kel Almazan
- Nicky Wilkinson
- Pamulaan Center for Indigenous Peoples Education
- Ryan Gersava (Virtualahan)
- Stairway Foundation
- Tondo Community Initiative